REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MUNICIPALITY OF **Muntinlupa**
METROPOLITAN MANILA

KAPASIYAHAN BILANG 90-139

KAPASIYAHAN SA PAGPAPATIBAY NG PAGPAPAGAWA NG ISANG OPEN CANAL SA PUROK II, BARANGAY CUPANG, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA .

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang nasabing open canal ay nasa gawing kanlurang bahagi ng lansangan;

SAPAGKAT, ang nasabing open canal ay idurugtong na lamang sa pangkasalukuyang kanal sa Purok I;

SAPAGKAT, tanging ang nasabing lugar lamang sa kabuuan ng Cupang ang walang daluyan ng tubig;

SAPAGKAT, ang nasabing lugar, sa pagsapit ng tag-ulan ay tinitigilan ng tubig na siyang nagiging sanhi ng paglambot ng lupa at tuloy pagkasira ng lansangan;

SAPAGKAT, ang nasabing lugar ay malayo sa Kabulusan River, gayundin sa Alabang River kung kaya't sa panahon ng pagtutubig ay masyadong matagal ang pagbaba o paghupa ng tubig na nagiging sanhi ng pagkasira ng mga halaman at ari-arian ng mga naninirahan sa nasabing lugar;

SAPAGKAT, higit sa lahat, ito ay makababawas sa matatanda ng alitan hinggil sa pagdaloy ng tubig sa pang araw-araw na gamit sa looban ng mga looban.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan sa pagpapatibay ng pagpapagawa ng isang open canal sa Purok II, Barangay Cupang, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 96 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-5 ng Marso 1990.

PINAGTIBAY:

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

INISPONSOR NI KGG. LUCIO B. CONSTANTINO

| MGA SUMANG-AYON: | HINDI SANG-AYON: | HINDI DUMALO: |
| --- | --- | --- |
| Kgg. C.TANSUAN ; Kgg. R.SMITH; | Kgg. R. BULAY | Kgg. E.ESPELETA |
| Kgg. L.CONSTANTINO; Kgg. N. MOZO; | | Kgg. MARTINEZ |
| Kgg. R.NIEFES; Kgg. N. DIAZ; | | Kgg. V.CHUA |
| Kgg. R. JOAQUIN | | Kgg. J.FRESNEDI |

OFFICE OF THE MUN. ENGINEER
RECEIVED
4-26-90

Reference: 842-2921 or 842-2377